**SO WHAT** *What is the relevance of the Word to my life?*

- Ano ang sinasabi sa Roma 1:17 kung anong uri ng buhay ang dapat ipinamumuhay ng mga mananampalataya?
- Basahin ang Hebreo 11:8,9. Ano ang katibayan ng pananampalataya ni Abraham?
- Ayon sa 2 Timoteo 2:13, paano naiiba ang Diyos sa atin?

**NOW WHAT** *How do I apply the Word to my life?*

- Ipaalala sa mga kasama mo ang pangko ng Diyos na naisulat sa Salmo 23. Manalangin sa mga alalahanin ng iyong kapwa.
- Palakasin ang loob ng iyong kasama sa *Victory group* na huwag susuko sa pagtitiwala na didinggin ng Diyos ang kanyang mga ipinapanalangin.
- Ibahagi sa iyong kaibigan ang mga ilang patotoo sa kabaitan ng Diyos sa iyong buhay, lalo na ang mga kwento kung papaano sinagot ng Diyos ang iyong mga panalangin.

## PRAYER

- Ipanalangin na ikaw at ang iyong mga kasama ay hindi mapagod sa pananalig sa Diyos sa Kanyang mga pangako.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng pagtitiis na antayin ang Kayang mga pangako.
- Ipanalangin na buksan ng Diyos ang ating mga mata upang makita ang mga kasagutan sa ating mga panalangin, maging ito man ay ayon sa ating inaasahan o hindi.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

UNLIMITED

YOU CAN'T HELP BUT WONDER

# Ang Batis at ang Uwak

Week 1

**NOTES**

## CONNECT

- Ano ang palagay mo sa kasabihang, "Ang mga pangako ay sadyang ginawa upang mapako?"
- Ipakahulugan ang "pagtitiis." Ano para sa iyo ang isang larawan ng pagtitiis?
- Anong regalo ang natanggap mo nang araw ng iyong kapanganakan na 'di mo malilimutan? Ano ang nadama mo nang ito ay tanggapin mo?

**WORD**

**[2]Iniutos agad ng Panginoon kay Elias, [3]"Umalis ka rito at magtago ka sa daluyan ng tubig Kerit, sa bandang silangan ng Jordan. [4]Sa ilog ka uminom, at uutusan ko ang mga uwak na magdala sa iyo ng pagkain doon." [5]Sinunod ni Elias ang utos ng Panginoon sa kanya. . . .**

**1 Hari 17:2-5**

**WHAT** ***What does the Bible say?***

Ang mga mahahalagang pangako ng Diyos ay nakasulat sa Bibliya. Ang mga ito ay sadyang naitala upang magbigay sigla at kalakasan sa ating pananampalataya sa pagharap natin sa mga hamon ng buhay sa araw-araw. Mahalagang ituon natin ang ating pansin sa mga pangako upang makita natin ang paglalaan ng Diyos sa lahat ng ating mga pangangailangan. Papaano tayo tutugon sa mga pangako ng Diyos?

- **Maniwala sa mga pangako ng Diyos.**

  *[2]Iniutos agad ng Panginoon kay Elias, [3]"Umalis ka rito at magtago ka sa daluyan ng tubig Kerit, sa bandang silangan ng Jordan. [4]Sa ilog ka uminom, at uutusan ko ang mga uwak na magdala sa iyo ng pagkain doon."*

  1 Hari 17:2-4

  Ito ay simpleng payo na madalas mahirap sundin. At ano pa nga, kay daming pagkakataon ang ibinigay sa atin upang paniwalaan ang mga pangako ng ating matapat na Diyos. Ang pagrerebelde ng mga Israelita ang palagiang kinakalaban ni propetang Elias. Gayon pa man, sa kabila ng lahat ng kahirapan sa kanilang sitwasyon, nais pa rin ng Diyos kay propetang Elias na kumapit ng husto sa Kayang pangako. Ano ang napatunayang totoo ng propeta nang siya ay naniwala sa pangako ng Diyos?

  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________

- **Antayin ang katuparan ng Kayang mga pangako.**

  *Sinunod ni Elias ang utos ng Panginoon sa kanya. Pumunta siya sa daluyan ng tubig sa Kerit, sa bandang silangan ng Jordan at doon nanirahan.*

  1 Hari 17:5

  Ang pananampalataya ay dapat nagbubunga ng gawa. Si Elias ay hindi pumunta sa Kerit upang alamin kung gagawin nga ba ng Diyos ito o hindi. Sa halip, nagtiwala siya sa Diyos na ang kanyang pananampalataya ay bunga ng paghahangad na mag-antay. Sa kabilang banda, ang ating pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos ay pagpapakita na nais nating maganap ang Kanyang mga pangako. Papaano mo aantayin ang mga pangako ng Diyos na maganap?

  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________

- **Saksihan ang katuparan ng Kanyang mga pangako.**

  *Dinadalhan siya ng mga uwak ng tinapay at karne tuwing umaga at gabi, at sa ilog siya umiinom.*

  1 Hari 17:6

  Sa kabila ng kahanga-hangang pananampalataya ni Elias, ang katuparan ng pangako ng Diyos ay hindi ayon sa pag-uugali niya. Sa halip, ang paglalaan ng Diyos ay dumating dahil sa Kanyang naipangako na Siya ay maglalaan sa Kanyang mga anak. Ano ang pakiramdam mo sa katotohanang ang katuparan ng mga pangako ng Diyos ay hindi nakasalalay sa atin subalit sa kakayahan ng Diyos? Bakit tayo magtitiwalang tutuparin ng Diyos ang Kayang naipangako (Hebreo 10:22-24)?

  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________
  ______________________________